

# PROLOGUE

“Ano ba ang gagawin natin dito?” tanong ng babae sa kaibigan.

Kabababa nila sa jeep. Nasa harap sila ngayon ng *Quiapo Church*.

“Magsisimba muna tapos magpapahula. Di ba sinabi ko na sayo?” Magkaedad sila, parehong disi-siyete anyos. Magka-college pa lang sila sa pasukan.

“Naniniwala ka talaga sa hula? Dito pa sa Quiapo, eh alam mo namang negosyo na ng mga tao ‘yan dito.”

“Malay mo naman, di ba? Wala namang masama kung susubukan natin.”

“Bakit ba gusto mong malaman ang kapalaran mo? Di ba mas mabuting may suspense?”

“Katuwaan lang naman. Pag nagkatotoo, bumalik tayo dito.”

Napabuntong-hininga lang ang babae. Pumasok na sila sa simbahan saka nagdasal.

After fifteen minutes ay lumabas ang dalawa at naglakad-lakad. Pumili ng mas kapani-

paniwalang manghuhula.

“Mukhang taga-perya,” bulong niya sa kaibigan. Ang tinutukoy niya ay ang babaeng naka-turban ng bulaklakin.

“Shh!” Agad siyang sinaway nito. “Subukan lang natin!”

Agad na umupo ang kaibigan niya. Siya ay nanatiling nakatayo sa likod nito.

“Hindi naniniwala sa hula ang kaibigan mo,” bungad ng babaeng naka-turban.

“Naku, hindi po. Pareho ho kaming believer!” mabilis na sagot ng kaibigan niya.

Hinila siya nito at pinaupo. Nag-share sila sa kakapirasong bangko sa harap ng manghuhula.

Naglabas ng baraha ang huli. Ilang beses nitong binalasa iyon. Saka pinahati sa kaibigan niya. Nanatili siyang nakamasid.

“Alam mo, pareho naman kayong magtatagumpay ng kaibigan mo. Magaling kayo.”

“Makakatapos ho ba kami ng pag-aaral?” tanong ng kaibigan niya.

“Oo. Maganda ang magiging mga trabaho ninyo.”

“Eh lovelife ho?” Na-excite ang kanyang kaibigan. “Mag-aasawa ho ba ako agad?”

“Matagal ka pa bago mag-asawa. Magpapakasawa ka pa sa pagkadalaga.”

“Ay, ganun? Baka walang manligaw sa akin!” Binalingan siya ng kaibigan. “Mag-cut ka rin ng baraha para malaman natin ang lovelife mo! Bilis!”

Napilitan siyang mag-cut ng baraha. Ilang sandali ring natahimik ang manghuhula.

“Magiging kumplikado ang lovelife mo. Marami kang pagdadaanan.”

“Bakit ho?” Sa wakas ay nagtanong siya. Natense naman yata siya sa salitang ‘kumplikado!’

“Hindi magiging madali ang pagkamit mo ng tunay na pag-ibig. Pero huwag kang bibitaw.”

“Bibitaw po saan?”

“Basta hintayin mo lang. Darating din ang tunay mong pag-ibig. Wag kang magmadali.”

Natahimik siya.

# 1

Lifestyle and Entertainment writer si Berry sa isang major newspaper. Ordinaryo na sa kanya ang um-attend ng mga press conferences, events, special movie screenings, fashion shows at kung anu-ano pang activities na related sa entertainment. Marami siyang nakikilalang tao—mga celebrities, socialites, models, designers, photographers at mga taong involved sa mundong ginagalawan niya.

Dahil may column siya sa diyaryo, marami ang lumalapit sa kanya—karamihan ay gusto ang exposure o kaya ay publicity. Noong una ay tila naaliw pa si Berry dahil popular siya—iba't ibang PR firms ang tumatawag sa kanya para imbitahan siya.

Pero sa pagdaan ng mga buwan at taon ay natuto na rin siyang kumilatis ng mga tao. Mayroong friendly lang talaga, may mga kapwa niyang nasa media na nakikipagkaibigan sa kanya, may mga celebrities na natural ang charm, pero may mga taong pakiramdam niya ay masusunog siya kapag kinausap niya dahil may mga personal itong motibo—mga gustong

maki-ride on sa media.

Iyon ang lagi niyang naiisip—kaya maingat siya sa pakikisalamuha. Pati sa pagbibigay ng kanyang calling card at contact number ay maingat din siya. Mayroon kasing harapan kung humingi ng pabor sa kanya—gustong sumikat, gustong mag-artista. May mga nagkukunwari pang manliligaw pero iisa lang din ang pakay: her media connections. Maraming gusto ng free publicity.

“HINDI KA kaya nagiging paranoid?” tanong ni Sonja sa kanya isang araw.

Best friend niya ang babae at isa itong dentista. Magkaklase sila mula elementary hanggang high school, sa college lang sila nagkahiwalay dahil sa CEU nag-aral si Sonja samantalang sa *UP Manila* siya kumuha ng Development Studies. Gayun pa man ay magkalapit pa rin sila kaya regular pa rin silang nagkikita hanggang sa makatapos. Noon pa man, alam na ni Berry na nasa pagsusulat ang puso niya kaya imbes na pumasok sa mga sikat na research companies ay sa mga publication niya piniling mag-apply.

Ang unang naging trabaho niya ay ang pagiging editorial assistant sa isang monthly magazine kung saan apat na taon din siyang namalagi. Ikalawang trabaho niya ang newspaper at apat na taon na rin siya roon.

Kapag Sabado ay nagkikita sila ni Sonja, katulad noong araw na iyon. Kaka-break lang ng babae sa boyfriend nitong doktor kaya gusto niyang damayan ang kaibigan. Pero imbes na siya ang makinig ay siya ang nagkuwento tungkol sa mga nakikilala niya sa mga events.

“Hindi naman ako paranoid. Gusto ko lang maging alert.”

“May napatunayan ka na ba na ginagamit ka lang? Wala ka naman yatang naikuwento sa akin,” Sonja asked in between her cheese cake.

“Siyempre naman. Yung si Rio, in-approach pa ako at binigyan ng calling card niya at mga gift certificates. Yun pala kapag nakatalikod ako, kung anu-ano ang sinasabi! Gustong magkaroon ng mga publicity at my expense. Mabuti sana kung kaibigan ko siya. What a user!” himutok ni Berry. “Saka yung nagpadala sa akin ng mga bulaklak at chocolates sa office, natatandaan mo yun?”

“Sino? Yung Paulie? Di ba, artista yun?”

“Trying hard! Feeling sikat, wala namang project. Saka kunwari manliligaw, eh, sinabihan ako ng kakilala kong taga-tabloid, bading daw yun. May jowang closet queen din, pulitiko pa!”

Napa-yuck nang wala sa oras si Sonja, sabay tawa.

“Buti di mo sinagot, kung hindi, love triangle kayo ng badinggerzi niyang jowa!” Di pa din tumitigil sa paghagikhik si Sonja, tila nakalimutang broken-hearted ito.

“Eh di nasapak sana ako ni Dexter!”

Ang tinutukoy ni Berry ay ang kanyang boyfriend. Malapit na din silang mag-two years at may pagkasseloso ang lalaki. Isa itong architect na nagtrabaho sa Middle East nang tatlong taon. Nang makaipon ay umuwi at nagtayo ng sariling firm kasama ang isang kaibigan. Sa Makati ang firm nina Dexter.

“Wala namang ginagawa yang si Dexter kundi bantayan ka! Walang tiwala sayo. Ewan ko ba kung bakit ka nagtitiis diyan,” angal ni Sonja.

“Mahal ko kasi siya,” sagot ni Berry.

Which is true. Mahal naman talaga niya ang lalake despite his shortcomings. Medyo mayabang ang dating ni Dexter sa ibang tao, masyado kasi itong bilib sa sarili. Pero yun mismo ang naka-attract kay Berry sa lalake. Ang iba kasi, nahihiyang lumapit sa kanya. Ang mga ibang nakilala niyang lalaki dati ay nai-intimidate sa kanya, pero si Dexter ay tila walang pakialam. Hindi ito insecure. Yun nga lang, may pagkaistrikto.

“Eh, bakit hindi pa kayo magpakasal?”

“Hindi pa ako ready, eh.”

Totoo naman yun. Hindi pa talaga ma-imagine ng dalaga na mag-asawa na. Kahit engaged na ang status nila, puwede pa siyang umatras kung saka-sakali. Pero hindi niya yun sinasabi kay Sonja.

“Anong di ka pa ready? Ano ka, first year high school?”

“Eh, parang ang bata ko pa para mag-asawa na talaga.”

“Day, bente otso ka na. Malapit ka nang mag-bente nuwebe. Hindi ka na bata! Kelan ka



pa magiging handa? Kapag kuwarenta anyos ka na?” ani Sonja.

Tumahimik muna si Berry. Mayamaya ay muli siyang nagsalita, pero medyo mahina ang boses. “Naaalala mo ang hula sa atin noon?”

“Hula saan?”

“Nung nagpunta tayo ng Quiapo bago tayo mag-college?”

“Ay! Naalala mo pa yun!”

“Oo naman. Saka naalala mo yung sinabi ng manghuhula sa akin? Na maghintay daw ako?”

“Yun ba?” Napahalakhak si Sonja. “Yun ba ang dahilan kung bakit hindi ka pa nagpapakasal?”

“Malay mo, may darating pa.”

“May sinabi bang time frame ang manghuhula noon? Di ko na kasi maalala, eh.”

“Pambihira ka. Ikaw nga ang atat na atat magpahula noon eh!”

“Uso kasi kaya nakisabay lang ako,” katwiran ni Sonja. “So hindi ka muna magpapakasal dahil hinihintay mo pa ang hula?”

“Ganito na lang, kapag nagpakasal ka na,

susunod agad ako,” nasabi ni Berry bago pa napigilan ang sarili. Nawala sa isip niya na kaka-break nga lang ni Sonja at ng boyfriend nitong si Jason.

“Hayaan mo, yung susunod kong boyfriend, pakakasalan ko na. Kapag wala akong nakita next month, bibili na lang ako ng boyfriend!”

Natawa nang malakas si Berry sa tinuran ng kaibigan. At least nakapag-joke na ang babae.

“Kapag may pupuntahan ka ngang event na maraming guwapo, isama mo ako. Malay mo, doon pala ako may swerte!”

“Saan, sa mga event?”

“Baka model o artista ang nakatadhana sa akin. Panay duktor at dentista kasi nakakahalubilo ko...”

“Hayaan mo, pag may chance at puwede kang sumama, tatawagan agad kita!” sabi ni Berry sa kaibigan.

“Yan ang gusto ko sayo, isa kang tunay na kaibigan!” Napahagikhik si Sonja. “Kunsintidora pa!”

“Eh sino pa ba ang magkakampi kundi tayo?”

sagot ni Berry, saka sila nag-apir ng babae.

PREMIERE NIGHT ng isang pelikula sa *Gateway Mall*. Hindi sana pupunta si Berry dahil wala siyang kasama, pero sinabihan siya ng editor na kailangan niyang gawan ng article ang director ng naturang pelikula.

“Sumama ka kaya sa akin para di ako mukhang jologs dun na nag-iisa?” Tinawagan niya kanina ang kaibigan para yayain sa sine.

“Naku... di mo naman agad sinabi sa akin eh. Nasa medical and dental mission pa kami. Andito pa kami sa Tanay, Rizal,” sagot ni Sonja. “Gusto ko pa namang pumunta! Nakakainis!”

“Eh lumipad ka na pabalik ng Quezon City!” sulsol pa niya sa kaibigan, bagaman biro lang yun.

“Gaga! Hindi ko naman uunahin ang panonood ng sine kesa sa paglilingkod sa bayan.”

“Ikaw na, girl... ikaw na ang bagong bayani!” tukso ni Berry.

Matapos makipag-usap ay dumiretso na ang

dalaga sa venue. Pagdating niya sa *Gateway* ay nakita niyang punung-puno ng tao ang labas ng Cinema 1. May cocktail table sa isang tabi kaya doon na muna siya pumuwesto habang hindi pa nagsisimula ang palabas.

“Berry! Berry!”

Napalingon ang dalaga nang marinig ang pangalan. Si Larion pala, isang talent agent na nakilala niya sa isang pinuntahang fashion show ilang buwan na ang nakakaraan.

“Uy, kumusta?” wala sa loob na bati ng dalaga. Ang atensiyon niya ay sa barbecue na nakahain sa mesa, kasama ng iba’t ibang mixed drinks na nakalagay doon.

Bagaman mabait naman sa kanya si Larion, hindi sila close kasi pakiramdam ni Berry ay wala na itong ginawa kundi magpakilala sa kanya ng kung sinu-sinong lalaki na tinatawag nitong talent! Minsan nagdududa na siya na baka jowa lang ni Larion ang binibitbit nito sa mga events.

“May ipapakilala ako sayo!” Bago pa nakapagsalita si Berry ay nahila na ni Larion ang isang matangkad na lalaki. “Si Pierre,

bagong tuklas ko!”

“Hi.” Ngumiti ang estranghero, lumabas ang pantay-pantay at mapuputi nitong ngipin.

Napatingin si Berry sa mukha ng lalaki at iisa lang ang pumasok sa utak niya: *ang guwapo!*

“Hello,” nasabi niya. Sa loob-loob ng dalaga, may bago na namang jowa si Larion!

“Yan si Berry, sikat yan. Taga-*Philippine News Desk* yan kaya hindi basta-basta.” Si Larion pa rin, na may bago na namang kinawayan. “Uy teka, maiwan muna kita dito ha. Nakita ko si Mother Lily!”

Walang nagawa si Berry nang biglang umalis si Larion, na isang certified social butterfly dahil lahat yata ng tao sa labas ng Cinema 1 ay chinichika nito. Naiwan sila ng kasama nitong lalaki.

“Writer ka pala,” narinig niyang wika ni Pierre.

“Medyo.” Pilit na ngumiti ang dalaga.

“Ang galing mo naman.” Ngumiti ito.

Walang maisip na sagot si Berry. Kumuha na lang siya ng champagne at ininom iyon. Mabuti

na lang at hindi niya ini-straight, dahil mainit pala iyon sa lalamunan at sa tiyan. Para siyang hinagupit ng latigo!

“Alam mo bang bilib ako sa mga writers?” pahayag ni Pierre.

Bakit bigla siyang kinilig sa narinig? Hindi maintindihan ng dalaga ang nararamdaman. Flirt pa yata ang kaharap niya!

“Ah talaga?” wala sa loob na sagot ni Berry. Kukuha pa sana ng isang glass of champagne ang dalaga pero nakita niyang sumenyas na ang organizer, pinapapasok na nito ang mga tao sa sinehan. “Sige ha, mag-uumpisa na daw pala ang movie.”

“Wala kang kasama? Gusto mong samahan kita? Kasi mukhang busy pa si Tito Larion eh,” suhestiyon ng lalaki.

Nagkibit-balikat lang ang dalaga, saka nagtungo sa loob. Aware siyang nakasunod sa kanyang likod si Pierre. Nang umupo siya ay tumabi ito sa kanya.

*Another model wannabe*, she reminded herself. Anumang pa-charming ang gawin sa kanya ni Pierre, dapat dedmahin niya!

## 2

“Puwedeng humingi ng calling card?” tila nahihiyang tanong ni Pierre.

Tapos na ang special screening at palabas na sila ng sinehan. Nakabuntot sa kanila si Larion na may kausap na naman. Hindi tumitigil ang bading na talent agent sa kakachika!

Ayaw sanang bigyan ni Berry ng calling card niya ang lalaki, pero agad na lumambot ang kanyang puso nang makitang tila nagmamakaawa ito—with pleading eyes pa! At maamo ang mukha!

“Ilang taon ka na ba?” biglang naitanong ng dalaga sa kaharap. “Saan ka nag-aaral?”

“Twenty-two years old na ako, malapit nang maging twenty-three. Graduate na ako ng Nursing, last year lang. Batch 2016.”

*Bata pa rin, naisip ni Berry. Almost six years ang gap namin?*

Hindi niya maintindihan kung bakit naikumpara niya ang edad ng lalaki sa edad niya!

“Graduate ka naman pala ng Nursing, bakit sama ka nang sama kay Larion? Isasali ka lang niyan sa model search.”

“Sa tingin mo, may pag-asa ako?”

“Na manalo? Saang talent search ka na ba niya dinala?”

“Hindi. Tinatanong ko kung may pag-asa ako na mabigyan mo ng calling card. Iniba mo na kasi ang topic eh,” nakangising saad ni Pierre.

In fairness, natawa si Berry sa hirit nito kaya napilitan siyang mag-abot ng card. “Pero wag mong iwawala yan ha? Baka mamaya, nakapaskil na pala yan sa bus! O kaya sa CR ng sinehan!”

“Ang cheap naman nun....” Walang bakas ng hinanakit sa mukha ng kausap kahit binabara na niya ito. Nakuha pa rin nitong ngumiti. “May *FB* ka ba?”

“Meron pero hindi ko masyadong nabubuksan. Busy kasi ako.”

“Okay lang. Add kita ha?”

“Sige na. Nagmamadali pa ako eh. Pakisabi na lang kay Larion na nauna na ako.”



“Bye, Miss Writer!” Kumindat pa si Pierre kaya lalong nagmadaling makalayo doon si Berry.

KAPAPASOK PA LANG ni Berry sa loob ng townhouse nang tumunog ang cellphone niya. Binasa niya ang message.

*Nice meeting you. This is my number. - Pierre*

Napangiti ang dalaga. Ang kulit ng bagets!

“Maganda ba ang movie?”

Napaigtad si Berry nang biglang magsalita si Dexter. Ni hindi niya namalayang nandun pala ito.

Magkatabi lang ang mga townhouse nila. Matagal na nga siyang niyayaya ni Dexter na lumipat na lang siya sa unit nito, pero ayaw ni Berry. Gusto pa rin niya ng privacy. Anytime naman ay puwede silang magkita dahil pareho silang may susi sa kani-kanilang unit.

“Bakit parang nakakita ka ng multo?” tanong ng nobyo.

“Nagulat lang ako. Di ko alam na nandito ka.”

“Mukhang masaya ka, ah. Kumusta ang premiere night?”

“Okay. Maganda naman ang movie, kaya maisusulat ko na agad ang review ko mamaya. Kumain ka na?” Napatingin si Berry sa hawak na baso ng lalaki. Tiyak na *Fundador* na naman ang laman ng baso nito.

“Tapos na akong kumain. Ang tagal mo kasi. Nagpa-deliver na lang ako. Kung gutom ka, initin mo na lang yung nasa ref. Gusto kong matulog nang maaga ngayon.”

Yun lang at umakyat na sa second floor si Dexter. Naiwan si Berry sa ibaba. Gusto niyang sabihin sa nobyo na umuwi na muna ito sa sariling unit pero hindi na lamang siya kumibo. Mabuti na lang at wala naman gaanong liligpitin kaya nanatili na muna ang siya sa sala. Humiga siya sa sofa at nagbasa ng mga text messages na hindi pa niya nabubuksan.

Sinagot niya ang text message ni Pierre. Isang simpleng ‘got it’ ang pinadala niya sa lalaki, saka niya sinave ang number nito. Muling tumunog ang cellphone niya.

*Tulog ka na, Miss Writer? galing uli kay Pierre.*

Sasagutin ba niya? Baka humaba pa ang usapan nila. Pero naisip din niyang wala namang masama kung makipagtext siya.

*Still up, text back niya.*

*Ano'ng ginagawa mo? Nagsusulat?*

Gusto niyang matawa. Parang bata kung magtanong si Pierre. Ang tingin ba nito sa lahat ng writer ay lagi na lang nagsusulat?

*Texting, sagot niya.*

Wala pang isang minuto ay sumagot na agad ito. 'Me too.'

Hindi namalayan ni Berry na kanina pa siya nakikipagtext ng kung anu-ano lang kay Pierre. It was the usual getting to know each other stuff. Tinatanong siya ng lalaki about her job, daily routine. Game naman niyang sinagot ang mga iyon. Nagulat na lamang siya nang muling bumaba si Dexter.

“Kanina ka pa nakahiga diyan? Bakit di ka na lang umakyat?”

“Nagpahinga lang ako,” sagot niya, saka inilagay sa mute ang cellphone. Bumangon siya at binitbit ang gamit paakyat.

“Puwede bang magpamasahe? Masakit ang likod ko eh.”

Kahit tutol ang isip niya dahil pagod din siya ay tumango si Berry. Pero pagdating nila sa kuwarto ay iba pala ang nasa isip ni Dexter.

Halos kalalagay palang niya ng oil sa likod nito at nagsisimula pa lang siyang magmasahe nang bigla siya nitong hilahin sa tabi nito.

“Ay! Ano ba!” Mabuti at hindi niya nasagi ang bote ng baby oil na may side table.

Agad siyang hinalikan ni Dexter sa labi, habang ang isang kamay nito ay nasa loob na ng kanyang blouse.

“Dexter, ano ba!” Itinulak niya ang nobyo at agad na inayos ang blouse. “Bumalik ka na nga doon sa unit mo.”

“Bakit hindi mo man lang ako mapagbigyan?”

“Please lang, umalis ka na. Pagod ako. Madami pa akong gagawin bukas. Please.”

Padabog na tumayo si Dexter. Kinuha nito ang damit at gamit saka lumabas ng kuwarto. Nang marinig ni Berry na isinara ng lalaki ang pinto ng unit niya ay dali-dali siyang bumaba

at dinoble lock ang kanyang pinto.

Nagshower muna siya saka natulog.

KINABUKASAN na nabasa ni Berry ang mga messages na pumasok sa inbox niya noong nakaraang gabi. Itinago niya kasi sa bag ang cellphone at umaga na niya ito naalala.

Nanlaki ang mga mata ni Berry nang makitang mayroon siyang twenty messages mula kay Pierre!

*Addict ba ito?* Inisa-isa niya ang messages. Ang tatlo ay pawang pagtatanong kung ano na ang nangyari sa kanya dahil hindi siya nakakasagot. May dalawang jokes itong pinadala. The rest, puro mga inspirational messages na.

Hindi na muna siya sumagot dahil kailangan niyang magmadali. May mga dapat pa siyang gawin bago pumasok sa office.

After lunch na siya nakarating ng office. Galing pa kasi siya sa isang press conference. Hindi pa siya nakakaakyat sa building ay tumunog na naman ang kanyang cellphone. Nakita niya sa caller ID na si Pierre na naman iyon.

“Ang kulit mo rin,” agad na sabi niya habang naglalakad. Hindi na siya nag-hello.

“Gusto ko lang malaman kung kumusta ka. Di ka kasi nakakasagot sa mga text ko. Baka ‘ka ko napano ka na.”

“Siyempre busy akong tao,” natatawang turan ni Berry. Pero in fairness ay kinilig siya nang konti sa sinabi nito. Nag-alala si Pierre sa kanya!

“Alam ko naman. Pero siyempre, siguro naman kahit isang minuto meron ka para mag-reply man lang.”

“Ay, sorry naman. May obligasyon po ba akong ipaalam sayo ang bawat kilos ko?” aniya pero wala sa tono niya ang galit o inis. In fact, amused siya sa bagets.

“Hindi naman, Miss. Nagtatanong lang.” Ramdam ni Berry na nakangiti si Pierre sa kabilang linya.

“Daig mo pa ang guwardiya sibil ha! Yung boyfriend ko nga, di ako tinatanong minu-minuto kung nasaan ako, eh,” kaswal na pahiwatig ng dalaga. Mabuti na yung alam ng kausap na committed na siya. Ayaw niyang

mapagbintangang sinungaling o nagtatago ng tunay na relationship status. Saka, para tigilan na rin siya ng bagets—baka kasi isipin nitong nakikipaglandian siya. Kapag nalaman nitong may boyfriend na siya, di na siguro siya nito kukulitin pa.

“Kung ako ang boyfriend mo, minu-minuto makakatanggap ka sa akin ng inspirational messages sa text.” narinig niyang sambit ni Pierre. Mukhang deadma ito sa sinabi niyang may boyfriend na siya.

*Hindi affected!*

“O sige na at papasok na ako sa elevator. Mawawalan ako ng signal. Salamat sa tawag ha?” Hindi na hinintay pa ni Berry na makasagot pa si Pierre. In-off na niya ang cellphone.

*Temptasyon!*